
**TANONG**: Sa mga talatang ito, ano ang dapat gawin at anong bunga kapag ginawa natin ito??

**"Datapwa't ang lahat ng sa kanya'y NAGSITANGGAP, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga ANAK NG DIOS, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kanyang pangalan."** ***Juan 1:12***

**"Sapagka't ang lahat na NAGSISITAWAG sa pangalan ng Panginoon ay MANGALILIGTAS."** ***Roma 10:13***

**"Ang kinaroroonan ng ANAK any kinaroroonan ng BUHAY; ang HINDI kinaroroonan ng ANAK NG DIOS ay hindi kinaroroonan ng BUHAY. . . . upang inyong MAALAMAN na kayo'y mayroong BUHAY NA WALANG HANGGAN."** ***I Juan 5:12,13***




Sinabi ni JESUS:

"Katotohanan, katotohanan sinasabi ko sa inyo, ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan."
*Juan 5:24*

Ang pagpili ay nasa iyo: Tanggapin mo ang KALOOB na buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagtanggap kay Cristo JESUS bilang sariling TAGAPAGLIGTAS. Manalangin ka ng ganito:

- Makapangyarihang DIOS, ako po ay nagkasala sa isip, salita at sa gawa. Patawarin po ninyo ako, Panginoon ko.
- Tinatanggap kita Panginoong JESUS bilang aking DIOS at Tagapagligtas, at ngayon Panginoong JESUS nais ko pong:
  – iligtas mo ako sa aking mga kasalanan at sa impiyerno,
  – dalhin mo po ako sa langit kapag ako ay namatay, at
  – ipagkaloob mo po sa akin ang buhay na walang hanggan ngayon din.
- Binubuksan ko ngayon ang pinto ng aking puso at buhay para sa iyo Panginoong JESUS. Tinatanggap kita bilang Tagapagligtas, Kaibigan at DIOS sa aking buhay, sa pangalan ni JESUS. Amen

Lagda:............................................................................... Petsa: .............................................

"At sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailan ma'y hindi sila malilipol."*Juan 10:28*

Q1. Nanalangin ka ba kay Cristo Jesus ng taos sa puso na iligtas ka sa iyong kasalanan? In Roma 10:13 Ano ang sabi ng Dios patungkol sa iyo ngayon? Saan ka ligtas ngayon? Kung ikaw ay mamatay ngayon, saan ka pupunta? Bakit? Sa ngayon na ligtas ka na,puede pa bang mawala ang iyong buhay na walang hanggan?
Basahin mo ang Juan 10:28(sa itaas). Ano ang ibig sabihin ng "kailan ma'y hindi sila malilipol"? "Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka:" Roma 10:9

Q2. Paano mo mas lalung malalaman ang ating Panginoon? Pag-aralan mo ang iyong Biblia araw-araw(1Pedro 2:2);Kausapin mo ang Panginoon. Dumalo sa simbahan na ang itinuturo ay ang Biblia(Hebreo10:24,25);Ipamalita sa ibang tao kung paano sila maililigtas ni Jesus sa kanilang kasalanan;magpabautismo(Mga Gawa 10:47,48) sabihin sa tao na ligtas ka na(Roma 10:9) at mamuhay ng may pag sunod kay Cristo Jesus.

www.answersbook.org

# HINTO!

## At isipin "Saan ka mananatili sa kabilang buhay?"





# ANG KALOOB NG DIOS AY BUHAY NA WALANG HANGGAN!

# ITO BA AY TINANGGAP MO NA?

**Sinabi ni Cristo Jesus, "Magsiparito, sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin." Mateo 11:28**

**"Inyong hanapin ang Panginoon samantalang siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa kaniya samantalang siya'y malapit: Lisanin ng masama ang kanyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga pagiisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan niya siya; at sa aming Dios, sapagkat siya'y magpapatawad ng sagana." Isaias 55:6,7**


Paano tayo makatitiyak na mayroon tayong buhay na walang hanggan?
May apat (4) na bagay na kailangan nating alamin:





# 1. ANG LAHAT AY NANGAGKASALA

**"Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga,at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios;" *Roma 3:23***


**Ang kasalanan ay ito:**





Inilalagay ang sarili muna




Pagkakahiwalay sa Dios




Kinapos sa pamantayan ng Dios




Lahat tayo ay ganap na makasalanan kung ihahambing sa kabanalan ng DIOS.
Tanong Blg. 1: Nais mo bang ang DIOS ng Biblia ay maging iyong DIOS?
Tanong Blg. 2: Nais mo bang wakasan ang iyong relasyon sa kasalanan at magkaroon ng bagong relasyon sa DIOS? (Pagsisisi)

# 2. KABAYARAN NG KASALANAN AY KAMATAYAN

**"Sapagka't ang kabayaran ng KASALANAN ay KAMATAYAN; datapwa't ang kaloob na walang bayad ng DIOS ay BUHAY na WALANG HANGGAN kay CRISTO JESUS na Panginoon natin. *Roma 6:23***

**"At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy." Apo.20:14**

***...Kamatayan ay:***




***Kapag yumao na ang katawan***





**Paliwanag:** Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, ang kautusan ng DIOS ay nag-sasabi na tayong lahat ay patungo sa kamatayan at sa dagatdagatang apoy. Ito ay masamang balita.

Kahit ikaw man o ako ay hindi nagnanais na mabulid sa impiyerno.
Mayroon bang paraan upang ako'y hindi mapapunta sa impiyerno? Opo!
Inaalok tayo ng DIOS ng buhay na walang hanggan. Wala itong kabayaran sapagkat natatamo ito sa pamamagitan lamang ni Jesus at hindi sa mabuting gawa o relihion
**"Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng DIOS; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmapuri."** ***Efeso 2:8,9***
Ang regalo ay walang bayad na kaloob, puede mong tanggapin o tanggihan. Ang buhay na walang hanggan ay nangangahulugan na personal mong kilalanin ang DIOS ngayon, at ikaw ay tutungo sa langit kapag ikaw ay namatay.
Sinasabi sa Banal na Kasulatan na tayo ay dapat mapunta sa impiyerno subali't ang pag-ibig ng DIOS ay nagnanais na tayo ay mapasalangit.
Pansinin kung paano ang DIOS ay nagkaloob ng walang bayad na kapatawaran o buhay na walang hanggan.




# 3. TINANGGAP NI JESUS ANG LAHAT NG ATING KAPARUSAHAN

**"Datapwa't ipinagtatagubilin ng DIOS ang kanyang pag-ibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si CRISTO AY NAMATAY DAHIL SA ATIN"**
***Roma 5:8***




Si JESUS ang TAGAPAGLIGTAS ng LAHAT ng TAO. Siya ngayon ay NAKALAAN upang maging TAGAPAGLIGTAS MO.

TANDAAN: Inalis ng Dios ang lahat ng ating nakalipas, kasalukuyan at hinaharap na mga kasalanan, at inilagay iyon kay Cristo Jesus.

"…tayo ay tumungo bawa't isa sa kanyang sariling daan;at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat. Isaias 53:6

Inako ni Jesus sa krus ang BUONG KAPARUSAHAN ng ating mga kasalanan. Sa halip na tayo ang maparusahan ng walang hanggan sa DAGATDAGATANG APOY.

"Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan…" Isaias 53:5


Si Jesus ang tagapagligtas ng lahat. Ang pintuan ng langit ay bukas ngayon para sa lahat subali't paano tayo makapapasok sa langit? Sila lamang na:


**4. (a) SUMAMPALATAYA NA SI KRISTO AY**
- **DIOS Anak**
- **Namatay para sa ating mga kasalanan**
- **nabuhay muli matapos mamatay**

**(b) TUMANGGAP KAY KRISTO BILANG KANYANG SARILING TAGAPAGLIGTAS.**

Sila ay makatatanggap ng KAPATAWARAN at BUHAY NA WALANG HANGGAN ngayon din. Ang ibig sabihin nito ay tanggapin mo ngayon ang dugong-handog ni Kristo bilang kabayaran ng iyong kasalanan, pagtiwalaang tanging si Kristo lamang and magliligtas sa iyo, hindi ang iyong mabubuting gawa o ano mang relihion.




Tayo ay nakatitiyak dahilan sa kanyang mga pangako.
Tayo ay pinagkalooban ng DIOS mula sa Biblia ng mga bagay na maaari nating panghawakan.